



PATNUBAY SA MISA



17 Disyembre 2015

SIMBANG GABI – Ikalawang Araw

Taong K

DI-MATITINAG ANG KATAPATAN NG DIYOS

Ngayong ikalawang araw ng ating Simbang Gabi, ginugunita natin ang pagdating ng Mesiyas bilang katuparan ng mga plano ng Diyos na iligtas ang sangkatauhan sa kasalanan at maghandog sa mga tao ng buhay na walang hanggan. Ipinahayag ng Panginoon ang Kanyang plano sa iba't ibang yugto na buong katapatang nakaugat sa Kanyang taos na pagmamahal para sa bawat tao. Natupad ang planong ito sa kabila ng maraming pagkabigo at pagtataksil ng mga tao.

Tayo ngayon ay inaanyayahang magnilay sa tapat na pagmamahal ng Diyos. Ang hamon sa atin ay ang magpatunay sa ating utang na loob sa Kanya sa pamamagitan ng pagiging tapat din naman sa ating mga pangako sa ating bautismo, bilang mga indibiduwal at bilang pamayanan ng mga mananampalataya.



PASIMULA



Pambungad

(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)

Umawit ka, kalangitan! Magalak, sangkalupaan! Narito ang Poong mahal! Darating upang tulungan ang mga dukha n'yang hirang!

Pagbati

P – Ang biyaya at kapayapaan buhat sa Diyos nating Tagapagligtas at lubos na tapat ay sumainyong lahat.

B – At sumaiyo rin!

Pagsisisi

P – Natitipon bilang mag-anak ng Diyos ngayong ikalawang araw ng ating Simbang Gabi, buong tiwala nating hilingin sa Panginoon ang Kanyang pagpapatawad at lakas. (Manahimik sandali.)

P – Panginoong Hesus, Anak ni David at Anak ni Abraham, patawarin mo ang aming pagkukulang sa paggalang at mga kapabayaan sa aming

mga kamag-anak. Panginoon, kaawaan mo kami!

B – Panginoon, kaawaan mo kami!

P – Panginoong Hesus, Anak ng Diyos, patawarin mo ang aming kapabayaang mabuhay alinsunod sa iyong turo. Kristo, kaawaan mo kami!

B – Kristo, kaawaan mo kami!

P – Panginoong Hesus, Anak ni Mariang Kabanal-banalan, patawarin mo ang aming pagkukulang sa malasakit at kalinga sa aming kapwa. Panginoon, kaawaan mo kami!

B – Panginoon, kaawaan mo kami!

P – Kaawaan tayo ng makapangyarihang Diyos, patawarin tayo sa ating mga kasalanan at patnubayan tayo sa buhay na walang hanggan.

B – Amen!

Papuri

B – Papuri sa Diyos sa kaitaasan at sa lupa'y kapayapaan sa mga taong kinalulugdan niya. Pinupuri ka namin, dinarantal ka namin, sinasamba ka namin, ipinagbubunyi ka namin, pinasasalamat ka namin dahil sa dakila mong angking kapurihan. Panginoong

Diyos, Hari ng langit, Diyos Amang makapangyarihan sa lahat.

Panginoong Hesukristo, Bugtong na Anak, Panginoong Diyos, Kordero ng Diyos, Anak ng Ama. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, tanggapin mo ang aming kahilingan. Ikaw na naluluklok sa kanan ng Ama, maawa ka sa amin. Sapagkat ikaw lamang ang banal, ikaw lamang ang Panginoon, ikaw lamang, O Hesukristo, ang Kataas-taasan, kasama ng Espiritu Santo sa kadakilaan ng Diyos Ama. Amen!

Panalanging Pambungad

P – Ama naming Lumikha at Tagapagligtas, niloob mong magkatawang-tao ang iyong Salita sa sinapupunan ng laging Birheng si Maria. Sa pag-ako ng iyong Bugtong na Anak sa aming pagkatao pagindapatin nawa kaming sa iyong pagka-Diyos ay makasalo sa pamamagitan niya kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

B – Amen!

PAGPAPAHAYAG NG SALITA NG DIYOS



Unang Pagbasa *Gen 49:2.8-10*

Nang malapit nang mamatay si Jacob, binasbasan niya ang kanyang anak na si Judang ninuno nina David at Hesus, at pinagpahayagan ng isang propesiya tungkol sa kanyang pagiging katangi-tangi sa mga angkan ng Israel. Ang ganitong propesiya ay ganap na naisakatuparan kay Hesukristong “Anak ni David,” “Anak ni Abraham.”

L—Pagpapahayag mula sa Aklat ng Genesis

Noong mga araw na iyon, tinawag ni Jacob ang mga anak niya at kanyang sinabi: “Kayo mga anak, magsilapit sa akin, akong inyong ama ay sumandaling dinggin. Ikaw, Juda, ay papupurihan niyong mga anak ng Ina mong mahal, hawak mo sa leeg ang iyong kaaway, lahat mong kapatid sa iyo’y gagalang. Mabangis na leon, ang iyong larawan, muling nagkukubli matapos pumatay; ang tulad ni Juda’y leong nahihimlay, walang mangangahas lumapit sinuman. Hawak niya’y setrong tuon sa paanan, sagisag ng lakas at kapangyarihan; ito’y tataglayin hanggang sa dumatal ang tunay na Haring dito’y magtatangan.”

Ang Salita ng Diyos!

B—Salamat sa Diyos!

Salmong Tugunan *Awit 71*

B—*Mabubuhay s’yang marangal at sasagana kailanman!*

R. M. Velez



* Turuan mo yaong haring humatol ng katuwiran, sa taglay mong katarungan, O Diyos, siya’y bahaginan; upang siya’y maging tapat mamahala sa’yong bayan, at pati sa mahihirap maging tapat siyang tunay. **B.**

* Ang lupain nawa niya’y umunlad at managana; maghari ang katarungan sa lupain nitong bansa.

Maging tapat itong hari sa paghatol sa mahirap at ang mga taong wala’y pag-ukulan ng paglingap. **B.**

* Yaong buhay na mat’wid sa kanyang kapanahunan, madama ng bansa niya at umunlad habang buhay. Yaong kanyang kaharian ay palawak nang palawak, mula sa Ilog Eufrates, sa daigdig ay kakalat. **B.**

* Nawa yaong kanyang ngalan ay h’wag nang malimutan, manatiling laging bantog na katulad nitong araw; nawa siya ay purihin ng lahat ng mga bansa, at sa Diyos, silang lahat dumalanging: “Harinawa pagpalain kaming lahat, tulad niyang pinagpala.” **B.**

Aleluya

B—Aleluya! Aleluya!

Karunungan ng Maykapal, tana’y ‘yong pangasiwaan, halina’t kami’y turuan. Aleluya! Aleluya!

Mabuting Balita *Mt 1:1-17*

Ipinangako ng Diyos kay Abraham na sa kanyang mga supling, lahat ng tao ay pagpapalain. Nangako rin Siya kay David na ang kanyang kaharian ay tatagal magpakailanman. Ang sumusunod na mahabang talaan ng mga kanunu-nunuan ay nagpapatunay na kay Hesukristo pinatotohanan at natupad ang dalawang pangakong iyon.

P—Ang Mabuting Balita ng Panginoon ayon kay San Mateo

B—Papuri sa iyo, Panginoon!

Ito ang lahi ni Hesukristo na mula sa angkan ni David na mula naman sa lahi ni Abraham.

Si Abraham ang ama ni Isaac; si Isaac ang ama ni Jacob na ama ni Juda at ng kanyang mga kapatid. Naging anak naman ni Juda kay Tamar sina Fares at Zara. Si Fares ang ama ni Esrom at si Esrom ang ama ni Aram. Si Aram ang ama ni Aminadab; si Aminadab ang ama ni Naason na ama naman ni Salmon. Naging anak ni Salmon kay Rahab si Booz, at naging anak naman ni Booz kay Ruth si Obed. Si Obed ang ama ni Jesse na ama ni Haring David.

Naging anak ni David si Solomon sa dating asawa ni Urias. Si Solomon naman ang ama ni Roboam. Si Roboam ang ama ni Abias, at si Abias ang ama ni Asa. Si Asa ang ama ni Josafat, at si Josafat ang ama ni Joram na siya namang ama ni Ozias. Itong si Ozias ay ama ni Jotam na

ama ni Acaz, at si Acaz ang ama ni Ezequias. Si Ezequias ang ama ni Manases, at si Manases ang ama ni Amos na ama naman ni Josias. Si Josias ang ama ni Jeconias at ng kanyang mga kapatid. Panahon noon ng pagkakatapon ng mga Israelita sa Babilonia.

Matapos ang pagkakatapon sa Babilonia, naging anak ni Jeconias si Salatiel na ama ni Zorobabel. Si Zorobabel ang ama ni Abiud na ama ni Eliaquim, at si Eliaquim ang ama ni Azor. Si Azor ang ama ni Sadoc na ama ni Aquim; itong si Aquim ang ama ni Eliud. Si Eliud ang ama ni Eleazar; si Eleazar ang ama ni Matan na ama ni Jacob. At si Jacob ang ama ni Jose na asawa ni Maria. Si Maria naman ang ina ni Hesus na tinatawag na Kristo.

Samakatwid, labing-apat ang salinlahi mula kay Abraham hanggang kay David, labing-apat mula kay David hanggang sa pagkakatapon ng mga Israelita sa Babilonia, at labing-apat din mula sa pagkakatapon sa Babilonia hanggang kay Kristo.

Ang Mabuting Balita ng Panginoon!

B—Pinupuri ka namin, Panginoong Hesukristo!

Homiliya

Panalangin ng Bayan

P—Pinasisigla ng katapatan ng Diyos sa Kanyang mga pangako, pakumbaba nating idulog sa Kanya ang ating mga kahilingan para sa mga pangangailangan ng Simbahan at ng sangkatauhan. Tumugon tayong:

B—Panginoon, gawin Mo kaming tapat sa Iyo!

* Para sa Simbahang Katolika at lahat ng Kristiyano: Nawa sa bisa ng Ebanghelyo, magkalapit-lapit ang lahat ng nananampalataya kay Kristo. Manalangin tayo! **B.**

* Para sa mga inaalipin ng demonyo sa kanilang buhay na makasalan: Nawa patnubayan sila ng Diyos upang magsimulang mamuhay nang tapat sa Ebanghelyo. Manalangin tayo! **B.**

* Para sa lahat ng mga nabiktima ng kawalan ng katarungan: Nawa ikintal ng diwa nitong Simbang Gabi sa kanilang mga puso ang pagpapatawad at kapayapaan. Manalangin tayo! **B.**

* Para sa lahat ng Pilipinong mag-anak, lalo na iyong mga bik-tima ng paghihiwalay at kahirapan sa buhay: Nawa makatagpo sila sa kanilang Kristiyanong panampalataya ng kailangan nilang lakas upang makaraos sa kanilang mga paghihirap. Manalangin tayo! **B.**

* Para sa ating lahat na naririto at sa ating mga ipinagdarasal: Nawa liwanagan ng ilaw ng Diyos ang ating mga puso at gamitin tayong kasangkapan ng Kanyang pagmamahal. Manalangin tayo! **B.**

* Tahimik nating ipanalangin ang ating mga pansariling kahalilingan. (*Tumigil sandali.*) Manalangin tayo! **B.**

P – Panginoong Diyos, Ikaw ang laging tapat at bukal ng lahat ng biyaya. Palakas mo kami upang matupad ang mga pangako sa aming binyag, lalo na ngayon sa aming Simbang Gabi. Isinasamo namin ito sa pamamagitan ni Kristong aming Panginoon. **B – Amen!**

PAGDIRIWANG NG HULING HAPUNAN 

P – Manalangin kayo . . . **B** – Tanggapin nawa ng Panginoon itong paghahain sa iyong mga kamay sa kapurihan niya at karangalan, sa ating kapakinabangan at sa buong Sambayanan niyang banal.

Panalangin ukol sa mga Alay
P – Ama naming Lumikha, gawin mong banal ang mga alay ng iyong sambayanan upang sa kagalanggalang na pagdiriwang na ito kami ay pagindapatin mong magkasalusalalo sa pagkaing ibinibigay mo sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan. **B – Amen!**

Prepasyo ng Adbiyento II
P – Ama naming makapangyarihan, tunay ngang marapat na ikaw ay aming pasalamat sa pamamagitan ni Hesukristo na aming Panginoon.

Ang pagsusugo mo sa kanya ay ipinahayag ng lahat ng mga propeta. Ang pagsilang niya’y pinanabikan ng Mahal na Birheng

kanyang Inang tunay sa kapangyarihan ng Espiritung Banal. Ang pagdating niya’y inilahad ni San Juan Bautista sa kanyang pagbibinyag. Ngayong pinaghahandaan namin ang maligayang araw ng kanyang pagsilang, kami’y nananabik at nananalanging lubos na makaharap sa kanyang kadakilaan.

Kaya kaisa ng mga anghel na nagsisiawit ng papuri sa iyo nang walang humpay sa kalangitan, kami’y nagbubunyi sa iyong kadakilaan:
B – Santo, santo, santo . . .

Pagbubunyi

B – Aming ipinahayag na namatay ang ‘yong Anak, nabuhay bilang Mesiyas at magbabalik sa wakas para mahayag sa lahat.

PAKIKINABANG 

B – Ama namin . . .
P – Hinihiling namin . . .
B – Sapagkat iyo ang kaharian at ang kapangyarihan at ang kapurihan magpakailanman! Amen!

Paanyaya sa Kapayapaan

Paghahati-hati sa Tinapay

B – Kordero ng Diyos . . .

Paanyaya sa Pakikinaabang

P – Ito si Hesus, ang katuparan ng mga pangako ng Panginoon kay Abraham at David. Siya ang Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan. Mapalad ang mga inaanyayahan sa kanyang piging.
B – Panginoon, hindi ako karapat-dapat na magpatuloy sa iyo

ngunit sa isang salita mo lamang ay gagaling na ako.

Antipona ng Pakikinaabang
(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)


Darating ang hinihintay, Poong kinasasabikan ng mga bansa at bayan. Mapupuspos ng karikitan ang tahanan ng Maykapal.

Panalangin Pagkapakinabang

P – Ama naming mapagmahal, kaming pinapagsalo mo sa iyong piging ay pag-alabin nawa ng iyong Espiritu sa pananabik na magliwanag sa piling ng dumarating na si Kristo na namamagitan kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.
B – Amen!

PAGWAWAKAS 

P – Sumainyo ang Panginoon.
B – At sumaiyo rin!
P – Magsiyuko kayo habang iginagawad ang pagbabasbas. (*Tumahimik sandali.*) Ingatan nawa kayo ng Diyos sa Kanyang pangangalaga at liwanagan ang inyong mga araw ng Kanyang kaningningan.
B – Amen!
P – Pagpalain kayo ng makapangyarihang Diyos: Ama, Anak, at Espiritu Santo.
B – Amen!
P – Humayo kayo upang ibigin at paglingkuran ang Panginoon sa inyong kapwa.
B – Salamat sa Diyos!



2016 Pocket Planner & Prayer Book

Kumbinyang kalendaryo, talaan ng mga gagawin, patnubay liturhiko, at aklat-dasalan

Nagtatampok sa pagdiriwang sa Taon ng Eukaristiya at ng Pamilya at “Jubilee of Mercy”

Mabibili na ngayon sa **Word & Life Center**, mga tindahan ng mga babasahing banal, at **National Book Store**

Simbang Gabi – Ikalawang Araw

ANG KATAPATAN NG DIYOS SA KABILA NG PAGTATAKSIL AT PAGTUTOL NG TAO

Ang pagkamalikhain ng Diyos ay di-matatawaran, bagamat hindi Siya nagkakasiya sa anumang biglaan lamang maisipan. **Lahat ng isinasagawa Niya ay alinsunod sa isang maingat na inihandang plano sa walang hanggang pag-ibig ng Diyos.**

Ang mahalagang tuntunin ay inilapat at pinatutunayan sa planong panlahat para sa kaligtasang nakasentro kay Hesukristo, ang Anak ng Diyos na nagkatawang-tao sa oras na nakatakda sa dakilang plano.

Ang pambihirang pangyayaring itong natatangi para sa sangkatauhan (at para rin sa Diyos mismo) ay naganap sa panahon ni Emperador Augustus, may 2,000 taon nang nakalilipas. Ang paglalahad sa ganitong plano ay nagsimula sa pagtawag kay **Abraham**, mga 18 siglo bago isinilang si Hesukristo.

Sa pagano at walang anak na si Abraham, nagpakilala ang Diyos at nangako ng maunlad na bayan at isang supling na kalulugdan at paghahangian ng biyaya ng lahat ng tao. Mula noon, habang paalis sa kanyang lupang sinilangan, itinalaga na ni Abraham ang kanyang sarili sa paghahanap sa Lupa ng Pangako at taos-pusong paghihintay sa isang anak na magdadala ng sulo ng pangako ng Diyos sa mga henerasyong darating.

Ginantimpalaan ang pananampalataya ni Abraham sa Diyos sa pagsilang ni Isaac, na pinagbuhatan naman nina Jacob at Esau. Sa Ebanghelyo ngayon, naglalakbay tayo sa loob ng 18 siglong nakaraan mula kay Abraham hanggang kay Hesukristong Anak ni Maria at ni Joseng buhat sa angkan nina David at Abraham.

Sa angkang kinabibilangan ni Hesus ay may tatlong pangkat ng 14 na henerasyon bawat isa at

kinabibilangan ng mga dakilang bayani at mga makasalanan, lalo na sa mga inapo ni David sa panahon ng monarkiya. Ang mga kasinungalingan at imoralidad ng ilang hari, tulad nina Acas at Manases, ay sapat nang dahilan para bawiin na sana ng Diyos ang Kanyang pangako kay Abraham at inulit Niya kay David. Ngunit ang Diyos ay di sumuko o nawalan ng pag-asa sa Israel. Nanatili Siyang tapat sa pangako ng isang supling o inapo ni Abraham na siyang “maghahatid ng biyaya’t pagpapala” sa lahat ng bansang Judio at di-Judio, alalaong baga’y kaligtasan para sa sanlibutan.

Ibig sabihin nito’y **di-natinag ang katapatan ng Diyos ng ano mang kataksilan ng tao**. Kaya nga, “pagsapit ng takdang oras” (sa panahong itinakda sa plano ng Diyos), **ang ipinangakong Mesiyas ay nagkatawang-tao, isinilang, at pinangalanang Hesus – Tagapagligtas.**

Marami tayong sukat matutuhan sa matiyagang pagmamahal at di-matinag na katapatan ng Diyos. **Dapat tayong tumanaw ng utang na loob sa pagkaloob Niya sa atin ng Mesiyas na si Kristo sa kabila ng ating pagiging di-karapat-dapat. Dapat tayong magtamo ng inspirasyon sa katapatan ng Diyos** at gawin natin itong patnubay sa mundong ito ng kaliluhan at kataksilan.

Sa isang natatanging paraan, dapat tayong **matutong maging tapat sa Diyos sa pamamagitan ng pagtupad sa mga pangako** natin sa Kanya. **Marapat lamang sa tapat na Diyos ang tapat ding paglilingkod.** Imulat sana tayo ng Simbang Gabi sa ating tungkulin at ikintal sana sa atin ang kailangang biyaya para matupad natin ito.

Jess P. Balon

Munting Kaalaman sa Adbiyento/Pasko

ANO ANG ADBIYENTO?

Ang Adbiyento ay galing sa salitang Latin na “adventus” na ibig sabihin’y “pagsapit” o “pagdating.” Ito ay isang panahon ng paghahanda para sa pagsilang ng ating Panginoon. Ito ang unang panahon sa taong liturhiko ng Simbahan. Tumatagal ito nang apat na linggo at nahahati sa dalawang bahagi. Ang una’y para ipaalaala sa atin ang ikalawang pagdating ng Panginoon. Ang ikalawa’y para ihanda tayo para sa pagdiriwang ng pagsilang ni Hesus sa Betlehem (una niyang pagdating). Ang unang Linggo ng Adbiyento ay siya ring simula ng taong liturhiko, ang unang araw ng Bagong Taon para sa Simbahan, kung kailan din tayo nagbabago ng mga pagbasa sa Misa.

Ang Adbiyento ay isang masayang pananabik, bagamat panahon din ng penitensiya at paghahanda para sa dakilang kapistahan ng Pasko. Ang liturhikong kulay sa panahong ito ay murado o kulay-ube, na tanda ng penitensiya at gamit din sa Kuwaresma.

SINO ANG NAGTATAG NG ADBIYENTO?

Ayon kay Thomas J. Talley, sa The Origins of the

Liturgical Year, nagsimula ang Adbiyento sa Fourth Canon of the Council of Saragosa noong taong 380. Noong taong 567, nagtakda ang Sinod ng Tours ng pag-aayuno sa Disyembre. At noong taong 581, nag-utos ang Kapulungan ng Macon ng pag-aayuno ng mga laiko sa Adbiyento mula sa Kapistahan ni San Martin (Nobyembre 11) hanggang Pasko. Ito ang tinawag na Kuwaresma ni San Martin.

Noong ika-7 at ika-8 siglo, nagtaglay ng anim na Linggo ng Adbiyento ang mga aklat ng mga pagbasang hanggo sa Banal na Kasulatan para sa Liturhiya ng Salita.

Ayon sa Harper Collins Encyclopedia of Catholicism, si **Gregoriong Dakila**, na namatay noong 604, ay siyang **tunay na “arkitekto”** (bumalangkas at nagtatag) ng **Adbiyentong Romano**. Siya ang nagtakda ng **apat na linggo** at bumuo ng mga dasal at antipona para sa panahong ito. Sa Pransiya naman pinagayaman ang panahong ito ng mga sangkap na tungkol sa pagwawakas. Ang paglalangkap ng mga sangkap Romano at Pranses ay bumalik sa Roma noon namang ika-12 siglo at wala nang pagbabago ang liturhiya ng Adbiyento mula noon.

(www.americancatholic.org)



WORD & LIFE
PUBLICATIONS

Don Bosco Compound, A. Arnaiz Ave. cor. Chino Roces Ave., Makati, Metro Manila

Postal Address: P.O. Box 1820, MCPO, 1258 Makati, Metro Manila, Philippines

Tel. Nos. 894-5401; 894-5402; 892-2169 • Telefax: 894-5241 • Website: www.wordandlife.org

• E-mail: marketing@wordandlife.org, wordandlifepublications@gmail.com • FB: Word & Life Publications

• Editorial Team: Fr. S. Putzu, C. Valmonte, Sr. F. Santos, SMI, G. Ramos, R. Molomog, D. Daguio,

V. David • Illustrations: A. Sarmiento, B. Cleofe • Circulation: F. Edjan